



PAUNAWA NG MGA KASANAYAN SA PAGKAPRIBADO

Iyong Impormasyon. Iyong mga Karapatan. Aming mga Responsibilidad.

Inilalarawan ng paunawang ito kung paano maaaring gamitin at isiwalat ang medikal na impormasyon tungkol sa iyo at kung paano ka makakakuha ng access sa impormasyong ito. Mangyaring suriin ito nang mabuti.

Kung mayroon kang anumang mga katanungan tungkol sa paunawang ito, mangyaring makipag-ugnayan sa DDS Privacy Officer sa PrivacyOfficer@dds.ca.gov

SINO ANG SUSUNOD SA PAUNAWANG ITO

Inilalarawan sa paunawang ito ang mga kasanayan ng aming department at ng:

- Sinumang propesyonal sa pangangalagang pangkalusugan ng DDS na pinahintulutan na maglagay ng impormasyon sa iyong rekord ng kalusugan.
- Lahat ng pasilidad na pinapatakbo ng DDS.
- Sinumang miyembro ng isang boluntaryong grupo na pinahihintulutan naming tulungan ka habang ikaw ay nasa aming pangangalaga.
- Lahat ng miyembro at kontratista ng DDS workforce.
- Ang sinumang kasosyo sa negosyo, kabilang ang mga regional center, ay kinokontrata namin na magsagawa ng mga serbisyo sa ngalan namin. Ang nasabing mga kasosyo sa negosyo ay inaatasan ng batas na protektahan ang iyong impormasyong pangkalusugan at sumunod sa parehong mga legal na pamantayan sa privacy gaya ng aming organisasyon.

Sinusunod ng lahat ng entidad, lugar, at lokasyon na ito ang mga tuntunin ng paunawang ito. Bilang karagdagan, maaaring ibahagi ng mga entidad, lugar, at lokasyon na ito ang iyong impormasyon sa isa't isa para sa paggamot, pagbabayad o mga layunin ng pagpapatakbo sa pangangalagang pangkalusugan na inilalarawan sa paunawang ito.

ANG AMING PANGAKO TUNGKOL SA IMPORMASYONG MEDIKAL, SA KALUSUGAN NG PAG-IISIP AT PAG-UUGALI

- Nauunawaan namin na ang impormasyon tungkol sa iyo at sa iyong kalusugan ay personal.
- Kami ay nakatuon sa pagprotekta sa impormasyon tungkol sa iyo.
- Gumagawa kami ng record ng pangangalaga at mga serbisyong natatanggap mo. Kailangan namin ang record na ito para mabigyan ka ng de-kalidad na pangangalaga at para makasunod sa ilang legal na kinakailangan. Naaangkop ang paunawang ito sa lahat ng record ng iyong pangangalaga na inilabas ng DDS, ginawa man ito ng mga tauhan o provider nito. Tandaan na ang iyong tagalabas na provider ay maaaring may iba't ibang mga patakaran o paunawa tungkol sa paggamit at pagsisiwalat ng iyong impormasyong ginawa sa tanggapan o klinika ng tagalabas na provider.

Sasabihin sa iyo ng paunawang ito ang tungkol sa mga paraan kung saan maaari naming gamitin at isiwalat ang impormasyon tungkol sa iyo. Inilalarawan din namin ang iyong mga karapatan at ilang partikular na obligasyon na mayroon kami tungkol sa paggamit at pagsisiwalat ng iyong impormasyon.

INAATASAN KAMI NG BATAS NA:

- Siguraduhin na ang impormasyong nagpapakilala sa iyo ay pinananatiling pribado (na may ilang eksepsyon);
- Ibigay sa iyo ang paunawang ito ng aming mga legal na tungkulin at mga kasanayan sa pagkapribado kaugnay ng impormasyon tungkol sa iyo;
- Ipaskil ang paunawang ito sa isang kitang-kitang lokasyon para makita mo, at gawin itong available sa elektronikong paraan sa pamamagitan ng aming website;
- Ipaalam sa iyo ang tungkol sa isang paglabag sa iyong impormasyon sa kalusugan;
- Hindi nagdidiskrimina batay sa lahi, kulay ng balat, relihiyon, bansang pinagmulan, kasarian, oryentasyong sekswal, pagkakakilanlan ng kasarian, edad, o kapansanan; at
- Sundin ang mga tuntunin ng paunawa na kasalukuyang may bisa.

PAANO NAMIN MAAARING GAMITIN AT ISIWALAT ANG IMPORMASYONG MEDIKAL, SA KALUSUGAN NG PAG-IISIP AT PAG-UUGALI TUNGKOL SA IYO.

Ang mga sumusunod na kategorya ay naglalarawan ng iba't ibang paraan ng paggamit at pagsisiwalat ng impormasyon. Para sa bawat kategorya ng mga paggamit o pagsisiwalat, ipapaliwanag namin kung ano ang aming ibig sabihin at susubukan naming magbigay ng ilang halimbawa. Hindi lahat ng paggamit o pagsisiwalat sa isang kategorya ay ililista. Gayunpaman, lahat ng paraan na pinahihintulutan kaming gamitin at isiwalat ang impormasyon ay napapailalim sa isa sa mga kategorya. Ang mga paggamit at pagsisiwalat na hindi inilarawan sa paunawang ito ay gagawin lamang gamit ang iyong nakasulat na awtorisasyon.

1) Pagsisiwalat na Iyong Hiniling

Maaari naming isiwalat ang impormasyon kapag hiniling mo. Ang paghahayag na ito sa iyong kahilingan ay maaaring mangailangan ng nakasulat na awtorisasyon mula sa iyo.

2) Para sa Paggamot

Maaari kaming gumamit ng impormasyon tungkol sa iyo upang mabigyan ka ng medikal na paggamot o mga serbisyo. Maaari naming isiwalat ang impormasyon tungkol sa iyo sa mga doktor, nars, technician, mag-aaral sa pangangalagang pangkalusugan, o iba pang tauhan na kabahagi ng pangangalaga sa iyo. Halimbawa, ang isang doktor na gumagamot sa iyo para sa isang nabaling binti ay maaaring kailangang malaman kung ikaw ay may diyabetis dahil ang diyabetis ay maaaring makapagpabagal sa proseso ng paggaling; ang isang doktor na gumagamot sa iyo para sa isang kondisyon sa kalusugan ng pag-iisip ay maaaring kailangang malaman kung anong mga gamot ang kasalukuyan mong iniinom, dahil ang mga gamot ay maaaring makaapekto sa kung ano ang iba pang mga gamot na maaaring ireseta para sa iyo.

3) Para sa Pagbabayad

Maaari naming gamitin at isiwalat ang impormasyon tungkol sa iyo upang ang paggamot at mga serbisyong natatanggap mo ay masingil at ang pagbabayad ay makolekta mula sa iyo, sa isang kumpanya ng insurance, o isang ikatlong partido. Halimbawa, maaaring kailanganin naming magbigay ng impormasyon tungkol sa paggamot na natanggap mo sa iyong planong pangkalusugan upang ito ay magbabayad sa amin o mabayaran ka para sa paggamot.

4) Para sa mga Operasyon sa Pangangalagang Pangkalusugan

Maaari naming gamitin at isiwalat ang impormasyon tungkol sa iyo para sa mga pagpapatakbo sa pangangalagang pangkalusugan. Ang mga paggamit at pagsisiwalat na ito ay kinakailangan upang patakbuhin ang aming pasilidad at matiyak na ang lahat ng aming mga mamimili ay makakatanggap ng de-kalidad na pangangalaga. Halimbawa, maaari kaming gumamit ng impormasyon upang suriin ang aming paggamot at mga serbisyo at upang suriin ang pagganap ng aming mga tauhan sa pangangalaga sa iyo.

5) Mga Insidental na Paggamit at Pagsisiwalat

Mayroong ilang insidental na paggamit o pagsisiwalat ng iyong impormasyong pangkalusugan na nangyayari habang nagbibigay kami ng mga serbisyo sa iyo o isinasagawa ang aming negosyo. Halimbawa, maaaring marinig ng ibang mga indibidwal na naghihintay sa parehong lugar na tinatawag ang iyong pangalan. Gagawa kami ng mga makatwirang pagsisikap na limitahan ang mga insidental na paggamit at pagsisiwalat na ito.

6) Mga Aktibidad sa Paglikom ng Pondo

Maaari kaming gumamit ng impormasyon tungkol sa iyo para sa mga layunin ng paglikom ng pondo, ngunit kung may wastong nilagdaang awtorisasyon lamang mula sa iyo. Bukod pa rito, hindi ka makakatanggap o magiging bahagi ng mga komunikasyon sa pangangalap ng pondo.

7) Mga Miyembro ng Pamilya o Iba pang Itinalaga Mo

Kung ang isang kahilingan para sa impormasyon ay ginawa ng iyong asawa, magulang, anak, o kapatid at hindi mo magawang pahintulutan ang paglabas ng impormasyong ito, kinakailangan naming bigyan ang humihiling ng paunawa ng iyong presensya sa aming pasilidad. Maliban kung hihilingin mong hindi ibigay ang impormasyong ito, dapat kaming gumawa ng mga makatwirang pagtatangka na ipaalam sa iyong kamag-anak o sinumang tao na itinalaga mo, para sa iyong paglabas, paglipat, malubhang karamdaman, pinsala, o kamatayan kapag hiniling lamang ng miyembro ng pamilya.

8) Direktoryo ng Pasilidad

Maaari naming isama ang ilang partikular na limitadong impormasyon tungkol sa iyo sa isang internal na direktoryo habang ikaw ay isang konsumidor sa aming pasilidad. Maaaring kasama sa

impormasyong ito ang iyong pangalan, lokasyon sa ospital, ang iyong pangkalahatang kondisyon (hal., mabuti, patas, atbp.) at ang iyong relihiyon. Maliban kung may partikular na nakasulat na kahilingan mula sa iyo na kabaligtaran, ang impormasyon ng direktoryo na ito, maliban sa iyong relihiyon, ay maaari ring ilabas sa mga taong humihingi ng iyong pangalan. Ang iyong kaugnayan sa relihiyon ay maaaring ibigay sa isang miyembro ng klero, tulad ng isang pari o rabbi, kahit na hindi nila tanungin ang iyong pangalan. Ang impormasyong ito ay inilabas upang ang iyong pamilya, mga kaibigan at klero ay mabisita ka at sa pangkalahatan ay malaman kung ano ang iyong kalagayan.

9) Sa Mga Indibidwal na Kabahagi ng Iyong Pangangalaga o Pagbabayad para sa Iyong Pangangalaga

Maaari kaming maglabas ng impormasyon tungkol sa iyo sa isang kaibigan o miyembro ng pamilya na itinalaga mo, o sa iyong legal na awtorisadong kinatawan, na kasangkot sa iyong pangangalagang medikal. Maaari rin kaming magbigay ng impormasyon sa isang taong tumutulong sa pagbabayad para sa iyong pangangalaga. Bilang karagdagan, maaari naming isiwalat ang impormasyon tungkol sa iyo sa isang organisasyon na tumutulong sa isang pagsisikap sa pagtulong sa kalamidad upang ang iyong pamilya ay maabisuhan tungkol sa iyong kalagayan, katayuan, at lokasyon.

10) Pananaliksik

Sa ilalim ng ilang partikular na pagkakataon, maaari naming gamitin at isiwalat ang impormasyon tungkol sa iyo para sa mga layunin ng pananaliksik. Halimbawa, ang isang proyekto sa pananaliksik ay maaaring may kasamang paghahambing sa kalusugan at paggaling ng lahat ng konsumidor na nakatanggap ng isang gamot sa mga nakatanggap ng isa pa, para sa parehong kondisyon.

11) Gaya ng Iniaatas ng Batas

Isisiwalat namin ang impormasyon tungkol sa iyo kapag iniaatas na gawin ito ng pederal, pang-estado o lokal na batas.

12) Upang Maiwasan ang Isang Malubhang Banta sa Kalusugan o Kaligtasan

Maaari naming gamitin at isiwalat ang impormasyon tungkol sa iyo kung kinakailangan upang maiwasan ang isang malubhang banta sa iyong kalusugan at kaligtasan o sa kalusugan at kaligtasan ng publiko o ng ibang tao.

13) Pagpapalitan ng Impormasyong Pangkalusugan

Maaari naming ibahagi ang iyong impormasyong pangkalusugan sa elektronikong paraan sa ibang mga grupo sa pamamagitan ng isang network ng Health Information Exchange. Maaaring kabilang sa iba pang mga grupong ito ang mga ospital, laboratoryo, doktor, departamento ng pampublikong kalusugan, planong pangkalusugan, at iba pang kalahok. Ang pagbabahagi ng data sa elektronikong paraan ay isang mas mabilis na paraan para makuha ang iyong data ng kalusugan sa mga provider na gumagamot sa iyo. Halimbawa, kung naglalakbay ka at nangangailangan ng paggamot, pinapayagan nito ang ibang mga doktor na lumalahok na i-access ang iyong impormasyon sa elektronikong paraan upang tumulong sa pangangalaga sa iyo. Nakikibahagi rin kami sa pederal na Affordable Care Act at maaaring gumamit ng at magbahagi ng impormasyon kung pinahihintulutan upang makamit ang mga pambansang layunin na may kaugnayan sa makabuluhang paggamit ng mga elektronikong sistema ng kalusugan.

14) Mga Espesyal na Sitwasyon

i. Donasyon ng Organ at Tissue

Maaari kaming maglabas ng impormasyon sa mga organisasyong nangangasiwa sa pagkuha ng organ o organ, mata o tissue transplant o sa isang organ donation bank.

ii. Militar at Beterano

Kung miyembro ka ng mga tauhan ng sandatahang lakas o dayuhang tauhan ng militar, maaari kaming maglabas ng impormasyon tungkol sa iyo ayon sa hinihingi ng mga awtoridad sa command ng militar.

iii. Kompensasyon ng mga Manggagawa

Maaari kaming maglabas ng impormasyon tungkol sa iyo para sa kompensasyon ng mga manggagawa o mga katulad na programa. Ang mga programang ito ay nagbibigay ng mga benepisyo para sa mga pinsala o sakit na nauugnay sa trabaho.

iv. Mga Aktibidad sa Pampublikong Kalusugan

Maaari naming isiwalat ang impormasyon tungkol sa iyo para sa mga aktibidad sa pampublikong kalusugan. Maaaring kabilang sa mga aktibidad na ito ang, ngunit hindi limitado sa, ang mga sumusunod:

- Upang maiwasan o kontrolin ang sakit, pinsala o kapansanan;
- Upang mag-ulat ng mga kapanganakan at pagkamatay;

- Upang mag-ulat tungkol sa pang-aabuso o pagpapabaya sa mga bata, matatanda at umaasa sa mga matatanda;
- Upang mag-ulat ng mga reaksiyon sa mga gamot o mga problema sa mga produkto;
- Upang ipaalam sa mga tao ang mga pagpapabalik ng mga produkto na maaaring ginagamit nila;
- Upang ipaalam sa isang tao na maaaring nalantad sa isang sakit o maaaring nasa panganib para sa pagkontrata o pagkalat ng isang sakit o kondisyon;
- Upang ipaalam sa naaangkop na awtoridad ng pamahalaan kung naniniwala kaming ang isang konsumidor ay naging biktima ng pang-aabuso, kapabayaan o karahasan sa tahanan. Gagawin lang namin ang pagsisiwalat na ito kung sumasang-ayon ka o kapag kinakailangan o pinahintulutan ng batas;
- Upang ipaalam sa mga empleyadong tumutugon sa emergency tungkol sa pagkakahantad sa HIV/AIDS, hanggang sa kinakailangan upang sumunod sa mga batas ng estado at pederal na pamahalaan.

v. Mga Aktibidad sa Pangangasiwa sa Kalusugan

Maaari kaming magsiwalat ng impormasyon sa isang ahensyang nangangasiwa sa kalusugan para sa mga aktibidad na pinahintulutan ng batas. Maaaring kabilang sa mga aktibidad sa pangangasiwa na ito ang mga pag-audit, pagsisiyasat, inspeksyon, at paglilisensya. Ang mga aktibidad na ito ay kinakailangan para masubaybayan ng pamahalaan ang sistema ng pangangalagang pangkalusugan, mga programa ng pamahalaan, at pagsunod sa mga batas sa karapatang sibil.

vi. Mga Paghahabla at Hindi Pagkakasundo

Kung ikaw ay nasasangkot sa isang demanda o isang hindi pagkakaunawaan, maaari naming isiwalat ang impormasyon tungkol sa iyo bilang tugon sa isang utos ng hukuman o administratibo. Maaari rin kaming magsiwalat ng impormasyon tungkol sa iyo bilang tugon sa isang subpoena, kahilingan sa pagtuklas, o iba pang legal na proseso ng ibang taong sangkot sa hindi pagkakaunawaan, ngunit pagkatapos lamang na sundin ang lahat ng kinakailangan ng mga pamamaraan ng batas, kabilang ang mga pagsisikap na ginawa upang sabihin sa iyo ang tungkol sa kahilingan (na maaaring may kasamang nakasulat na paunawa sa iyo) o upang makakuha ng isang order na nagpoprotekta sa impormasyong hiniling.

Maaari naming isiwalat ang impormasyon sa kalusugan ng pag-iisip/pag-uugali sa mga hukuman, abogado, at empleyado ng hukuman sa kurso ng conservatorship, at ilang iba pang hudikatura o administratibong paglilitis.

vii. Pagpapatupad ng Batas

Maaari kaming maglabas ng impormasyon kung hihilingin na gawin ito ng isang opisyal ng pagpapatupad ng batas:

- Bilang tugon sa isang utos ng hukuman, subpoena, warrant, patawag o katulad na proseso
- Upang tukuyin o hanapin ang isang suspek, takas, materyal na saksi, mga tumakas at ilang mga nawawalang tao
- Tungkol sa biktima ng isang krimen kung, sa ilalim ng ilang limitadong pagkakataon, hindi namin makuha ang kasunduan ng tao
- Upang mag-ulat ng pang-aabuso, pagpapabaya, o pag-atake ayon sa kinakailangan o pinahihintulutan ng batas
- Upang mag-ulat ng ilang banta sa mga ikatlong partido
- Kung dadalhin ka ng pulisya sa aming pasilidad at hilingin sa amin na suriin ang iyong dugo para sa pang-aabuso sa alkohol o sangkap
- Tungkol sa isang kamatayan na pinaniniwalaan naming maaaring resulta ng kriminal na gawain
- Tungkol sa kriminal na gawain sa aming pasilidad
- Sa mga pangyayaring pang-emergency upang mag-ulat ng krimen; ang lokasyon ng krimen o mga biktima; o ang pagkakakilanlan, paglalarawan o lokasyon ng taong gumawa ng krimen
- Kapag hiniling ng isang opisyal na naghain ng warrant sa pasilidad
- Kapag hiniling sa oras ng hindi boluntaryong pagpapaospital ng isang konsumidor
- Kung ikaw ay nasa kustodiya ng pulisya o isang bilanggo ng isang institusyon ng pagwawasto at ang impormasyon ay kinakailangan upang mabigyan ka ng pangangalagang pangkalusugan, upang maprotektahan ang iyong

kalusugan at kaligtasan, ang kalusugan at kaligtasan ng iba o para sa kaligtasan at seguridad ng institusyon ng pagwawasto

viii. Mga Coroner, Medical Examiner, at Funeral Director

Maaari kaming maglabas ng impormasyon sa isang coroner o medical examiner. Maaaring kailanganin ito, halimbawa, upang makilala ang isang namatay na tao o matukoy ang sanhi ng kamatayan. Maaari rin kaming maglabas ng impormasyon tungkol sa mga konsumidor sa mga funeral director kung kinakailangan.

ix. Mga Aktibidad sa Pambansang Seguridad at Intelihensya

Maaari kaming maglabas ng impormasyon tungkol sa iyo sa mga awtorisadong pederal para sa intelihensya, kontraintelihensya, at iba pang mga aktibidad ng pambansang seguridad na pinahintulutan ng batas.

x. Mga Pumuprotektang Serbisyo para sa Pangulo at iba pa

Maaari naming isiwalat ang impormasyon tungkol sa iyo sa mga awtorisadong opisyal ng pederal upang makapagbigay sila ng proteksyon sa Pangulo, mga elektibong opisyal ng konstitusyon at kanilang mga pamilya, o mga dayuhang pinuno ng estado o magsagawa ng mga espesyal na pagsisiyasat.

xi. Mga Grupo ng Adbokasiya

Maaari naming isiwalat ang impormasyon sa kalusugan ng pag-iisip/pag-uugali sa Disability Rights of California para sa mga layunin ng ilang mga pagsisiyasat ayon sa pinahihintulutan ng batas.

xii. Department of Justice

Maaari naming isiwalat ang limitadong impormasyon sa California Department of Justice para sa mga layunin ng paggalaw at pagkilala tungkol sa ilang partikular na konsumidor na sangkot sa sistema ng hustisyang kriminal, o tungkol sa mga taong maaaring hindi bumili, nagmamay-ari, o kontrolin ang isang baril o nakamamatay na armas.

xiii. Mga Pangkat ng mga Tauhan sa Maraming Disiplina Multidisciplinary Personnel Teams

Maaari kaming magsiwalat ng impormasyon sa isang pangkat ng mga tauhan ng maraming disiplina na may kaugnayan sa pag-iwas, pagkilala, pamamahala o paggamot ng isang inabusong bata at mga magulang ng bata, o pang-aabuso sa nakatatanda o umaasang nasa hustong gulang at pagpapabaya.

xiv. Mga Espesyal na Kategoriya ng Impormasyon

Sa ilang mga pagkakataon, ang iyong impormasyon ay maaaring sumailalim sa mga paghihigpit na maaaring maglimita o humadlang sa ilang paggamit o pagsisiwalat na inilarawan sa pabatid na ito. Halimbawa, may mga espesyal na paghihigpit sa paggamit o pagsisiwalat ng ilang partikular na kategoriya ng impormasyon—hal., mga tala sa psychotherapy, genetic na pagsusuri, mga pagsusuri para sa HIV, o paggamot para sa mga kondisyon sa kalusugan ng pag-iisip o pag-abuso sa alkohol at droga. Mga programa ng pamahalaan sa benepisyo sa kalusugan, gaya ng Medi-Cal, ay maaari ring limitahan ang pagsisiwalat ng impormasyon ng benepisyaryo para sa mga layuning walang kaugnayan sa programa.

xv. Mga Komite sa mga Panuntunan ng Senado at Asembleya

Maaari naming isiwalat ang iyong impormasyon sa Senado o Assembly Rules Committee para sa layunin ng pagsisiyasat sa batas.

xvi. Ang Department of Health and Human Services ng Estados Unidos

Maaari naming isiwalat ang iyong impormasyon sa Kalihim ng Department of Health and Human Services para sa layunin ng pagsisiyasat o pagtukoy sa aming pagsunod sa Patakaran sa Pagkapribado ng HIPAA.

xvii. Mga Tala sa Psychotherapy

Ang mga tala sa psychotherapy ay nangangahulugan ng mga tala na nairecord (sa anumang pamamaraan) ng isang provider ng pangangalagang pangkalusugan na isang propesyonal sa kalusugan ng pag-iisip na nagdodokumento o nagsusuri ng mga nilalaman ng pag-uusap sa panahon ng isang pribadong sesyon ng counseling o isang sesyon ng counseling sa grupo, pinagsama, o pampamilya at na hiwalay sa ibang medikal na rekord ng indibidwal.

Maaari lang naming gamitin o isiwalat ang iyong mga tala sa psychotherapy nang may pahintulot mo maliban kung iniaatas ng batas o sa ilalim ng mga sumusunod na pangyayari:

- Para sa paggamit ng nagpasimula ng mga tala
- Sa pinangangasiwaang mga programa sa pagsasanay sa kalusugan ng isip para sa mga mag-aaral, trainee, o practitioner
- Sa pamamagitan ng DDS upang ipagtanggol ang isang legal na aksyon o iba pang paglilitis na dinala ng indibidwal

- Upang maiwasan o bawasan ang isang seryoso at napipintong banta sa kalusugan o kaligtasan ng isang tao o ng publiko
- Para sa pangangasiwa sa kalusugan ng nagpasimula ng mga tala sa psychotherapy
- Para sa paggamit o pagsisiwalat sa coroner o medical examiner para iulat ang pagkamatay ng isang konsumidor
- Para sa paggamit o pagsisiwalat sa Kalihim ng Department of Health and Human Services para sa layunin ng pagsisiyasat o pagtukoy sa pagsunod ng DDS sa Patakaran sa Pagkapribado ng HIPAA.

IYONG MGA KARAPATAN TUNGKOL SA IYONG IMPORMASYONG MEDIKAL, SA KALUSUGAN NG PAG-IISIP/PAG-UUGALI

Mayroon kang mga sumusunod na karapatan tungkol sa impormasyong pinapanatili namin tungkol sa iyo:

1) Karapatan na Magsiyasat at Kumopya

Maaari naming isiwalat ang impormasyon sa pamamagitan ng pagbibigay ng mga kopya o access para sa inspeksyon, kapag hiniling mo. Ang naturang pagsisiwalat sa isang ikatlong partido, sa iyong kahilingan, ay maaaring mangailangan ng nakasulat na pahintulot mo.

2) Karapatan na Baguhin

Kung sa tingin mo ay mali o hindi kumpleto ang impormasyong iyon, na mayroon kami tungkol sa iyo, maaari mong hilingin sa amin na baguhin ang impormasyon. May karapatan kang humiling ng pagbabago hangga't ang impormasyon ay pinananatili namin. Upang humiling ng pagbabago, ang iyong kahilingan ay dapat gawin nang nakasulat at isumite sa pasilidad kung saan pinananatili ang mga record. Bilang karagdagan, maaari kang magbigay ng dahilan na sumusuporta sa iyong kahilingan.

Maaari naming tanggihan ang iyong kahilingan para sa isang pagbabago kung ito ay hindi nakasulat o walang kasamang dahilan para suportahan ang kahilingan. Bilang karagdagan, maaari naming tanggihan ang iyong kahilingan kung hihilingin mo sa amin na baguhin ang impormasyon na:

- Hindi namin ginawa, maliban kung ang tao o entity na lumikha ng impormasyon ay hindi na magagamit upang gawin ang pagbabago;

- Hindi bahagi ng impormasyong pinananatili namin o para sa amin;
- Hindi bahagi ng impormasyon na magpapahintulot sa iyong magsiyasat o kumopya; o
- Tumpak at kumpleto.

Kahit na tanggihan namin ang iyong kahilingan para sa pagbabago, may karapatan kang magsumite ng nakasulat na addendum, nang hindi lalampas sa 250 salita, kaugnay ng anumang item o pahayag sa iyong record na pinaniniwalaan mong hindi kumpleto o mali. Kung malinaw mong ipinahiwatig sa pamamagitan ng sulat na gusto mong gawing bahagi ng iyong record ng kalusugan ang addendum, isasama namin ito sa iyong mga record at isasama ito tuwing gagawa kami ng pagsisiwalat ng item o pahayag na pinaniniwalaan mong hindi kumpleto o mali.

3) Karapatan sa Pagtatala ng mga Pagsisiwalat

May karapatan kang humiling ng "pagtatala ng mga pagsisiwalat." Ito ay isang listahan ng mga pagsisiwalat na ginawa namin tungkol sa impormasyon tungkol sa iyo maliban sa sarili naming mga gamit para sa paggamot, pagbabayad, at mga pagpapatakbo sa pangangalagang pangkalusugan (tulad ng inilarawan sa itaas na mga pagganap na iyon), at sa iba pang mga eksepsyon ng batas.

Upang hilingin ang listahan o pagtatala ng mga pagsisiwalat na ito, dapat mong isumite ang iyong kahilingan nang nakasulat sa pasilidad o mga pasilidad kung saan ka nakatira. Ang iyong kahilingan ay dapat magsaad ng isang yugto ng panahon na maaaring hindi hihigit sa anim na taon at maaaring hindi kasama ang mga petsa bago ang Abril 14, 2003. Dapat isaad sa iyong kahilingan kung sa anong anyo mo gusto ang listahan (halimbawa, sa papel o elektroniko). Ang unang listahan na iyong hihilingin sa loob ng 12 buwan ay magiging libre. Para sa mga karagdagang listahan, maaari ka naming singilin para sa mga gastos sa pagbibigay ng listahan. Aabisuhan ka namin tungkol sa gastos na nakapaloob at maaari mong piliin na bawiin o baguhin ang iyong kahilingan sa oras na iyon bago magkaroon ng anumang mga gastos. Bilang karagdagan, aabisuhan ka namin nang ayon sa hinihingi ng batas kasunod ng isang paglabag sa iyong hindi ligtas na protektadong impormasyon sa kalusugan.

4) Karapatan na Humiling ng mga Paghihigpit

May karapatan kang humiling ng paghihigpit o limitasyon sa impormasyong ginagamit o isiwalat namin tungkol sa iyo para sa paggamot, pagbabayad, o mga operasyon sa pangangalagang pangkalusugan. May karapatan ka ring humiling ng limitasyon sa impormasyong isisiwalat namin tungkol sa iyo sa isang taong kasangkot sa iyong pangangalaga o sa pagbabayad para sa pangangalaga sa iyo, tulad ng isang miyembro ng pamilya o kaibigan. Halimbawa, maaari

mong hilingin na hindi namin gamitin o isiwalat ang impormasyon tungkol sa isang operasyon na ginawa mo.

Hindi kami kinakailangang sumang-ayon sa iyong kahilingan, maliban sa abot na hiniling mo sa amin na paghigpitan ang pagsisiwalat sa isang planong pangkalusugan o insurer para sa pagbabayad o pangangalaga sa kalusugan mga layunin ng operasyon kung ikaw, o ibang tao sa ngalan mo (maliban sa planong pangkalusugan o insurer), ay nagbayad nang buo para sa item o serbisyo mula sa bulsa para sa isang pamamaraan na karaniwang sisingilin sa isang planong pangkalusugan. Kahit na hilingin mo ang espesyal na paghihigpit na ito, maaari naming isiwalat ang impormasyon sa isang planong pangkalusugan o insurer para sa mga layunin ng paggamot sa iyo.

Kung sumasang-ayon kami sa isa pang espesyal na paghihigpit, susundin namin ang iyong kahilingan maliban kung kailangan ang impormasyon upang mabigyan ka ng pang-emergency na paggamot.

Upang humiling ng mga paghihigpit, dapat mong gawin ang iyong kahilingan sa paraang nakasulat sa pasilidad kung saan ibinigay ang serbisyo o mga serbisyo. Sa iyong kahilingan, dapat mong sabihin sa amin 1) kung anong impormasyon ang gusto mong limitahan; 2) kung gusto mong limitahan ang aming paggamit, pagsisiwalat o pareho; at 3) kung kanino mo gustong ilapat ang mga limitasyon, halimbawa, mga pagsisiwalat sa iyong asawa.

5) Karapatan na Humiling ng mga Kumpidensyal na Komunikasyon mula sa DDS patungo sa iyo

May karapatan kang humiling na makipag-usap kami sa iyo tungkol sa mga usapin sa kalusugan sa isang partikular na paraan o sa isang partikular na lokasyon. Halimbawa, maaari mong hilingin na makipag-ugnayan lamang kami sa iyo sa iyong tirahan o sa pamamagitan ng koreo.

Upang humiling ng kumpidensyal na komunikasyon, dapat mong gawin ang iyong kahilingan nang nakasulat sa pasilidad kung saan ibinigay o ibibigay ang serbisyo o mga serbisyo. Hindi namin itatanong sa iyo ang dahilan ng iyong kahilingan. Tatanggapin namin ang lahat ng makatwirang kahilingan. Dapat tukuyin sa iyong kahilingan kung paano o saan mo gustong makaugnayan.

6) Karapatan sa isang Papel na Kopya ng Paunawang ito

May karapatan ka sa isang papel na kopya ng paunawang ito. Maaari mong hilingin sa amin na bigyan ka ng kopya ng paunawang ito sa anumang oras. Kahit na sumang-ayon kang tanggapin ang paunawang ito sa elektronikong paraan, may karapatan ka pa rin sa isang papel na kopya.

Maaari kang makakuha ng kopya ng paunawang ito sa aming website: www.dds.ca.gov o hilingin sa pasilidad kung saan ka tumatanggap ng mga serbisyo na kumuha ng papel na kopya.

Tandaan na maaari naming iatas na ang anumang kahilingan na ginawa mo sa ilalim ng seksyong ito ay maglaman ng isang pahayag na ang pagsisiwalat ng lahat o bahagi ng impormasyon kung saan nauugnay ang kahilingan ay maaaring maglagay sa iyo sa panganib.

7) Mga pagbabago sa Paunawang ito

Pinananatili namin ang karapatang baguhin ang paunawang ito. Pinananatili namin ang karapatang gawing epektibo ang nirebisa o binagong paunawa para sa impormasyong mayroon na kami tungkol sa iyo pati na rin ang anumang impormasyong matatanggap namin sa hinaharap. Ipapaskil namin ang kopya ng kasalukuyang paunawa sa pasilidad. Ang paunawa ay maglalaman ng petsa ng pagkabisa sa unang pahina.

8) Mga Reklamo

Kung naniniwala kang nalabag ang iyong mga karapatan sa pagkapribado, maaari kang magsampa ng reklamo sa amin o sa Kalihim ng U.S. Department of Health and Human Services. Upang magsampa ng reklamo sa amin, makipag-ugnayan sa Chief Privacy Officer sa privacyofficer@dds.ca.gov, o (916) 654-3405. Ang lahat ng reklamo ay dapat isumite sa paraang nakasulat. Hindi ka parurusahan o paghihigantihan sa pagsasampa ng reklamo.

IBA PANG MGA PAGGAMIT NG IMPORMASYON NA MEDIKAL AT KALUSUGAN NG PAG-IISIP/ PAG-UUGALI

Ang iba pang mga paggamit at pagsisiwalat ng impormasyong hindi saklaw ng paunawang ito ng mga batas na nalalapat sa amin ay gagawin lamang sa iyong nakasulat na pahintulot. Kung bibigyan mo kami ng pahintulot na gamitin o isiwalat ang impormasyon tungkol sa iyo, maaari mong bawiin ang pahintulot, sa paraang nakasulat, sa anumang oras. Kung babawiin mo ang iyong pahintulot, ititigil nito ang anumang karagdagang paggamit o pagsisiwalat ng iyong impormasyon para sa mga layuning saklaw ng iyong nakasulat na awtorisasyon, maliban kung kumilos na kami nang alinsunod sa iyong pahintulot. Nauunawaan mo na hindi namin kayang bawiin ang anumang mga pagsisiwalat na ginawa na namin sa pahintulot mo, at na kinakailangan naming panatilihin ang aming mga record ng pangangalaga na ibinigay namin sa iyo.



PAGKILALA SA PAGTANGGAP NG PAUNAWA

PANGALAN NG KONSUMIDOR: _____

Sa paglagda sa form na ito, sumasang-ayon ka na nakatanggap ka ng kopya ng *Paunawa ng mga Kasanayan sa Pagkapribado* ng Department of Developmental Services (DDS). Ang aming *Paunawa ng mga Kasanayan sa Pagkapribado* ay nagsasabi sa iyo kung paano namin magagamit at maisisiwalat ang iyong protektadong impormasyon sa kalusugan. Hinihiling namin na basahin mo ang lahat ng ito.

Ako, na si _____ ay nakatanggap ng kopya ng *Paunawa ng mga*

Ilimbag ang Pangalan

Kasanayan sa Pagkapribado ng DDS.

Petsa: _____ **Oras:** _____ a.m./p.m. **Lagda:** _____

Konsumidor o Legal na Kinatawan

Kung lalagdaan ng isang tao bukod sa konsumidor, isaad ang kaugnayan

Office Use Only (Gagamitin ng Opisina Lamang):



INABILITY TO OBTAIN ACKNOWLEDGMENT

Good Faith Effort (check all that apply):

- ☐ I provided copy of notice to consumer or legal representative
- ☐ I presented the Acknowledgement to consumer or legal representative for signature
- ☐ Other (Explain): _____

Reason(s) why the Acknowledgment was not obtained (check all that apply):

- ☐ The consumer or legal representative refused to sign
- ☐ Other (Explain): _____

DDS Staff Signature: _____

DDS Staff Name: _____

Date: _____ **Time:** _____ a.m./p.m.